KASUNDUAN AT PAGPAPALAYA/ PAGTATATUWA NG PANANAGUTAN

(para sa Mga Pagkakataon sa Pagboboluntaryo)

BILANG PAGSASAALANG-ALANG sa pagpapahintulot na lumahok sa susunod na pagkakataon na magboluntaryo sa City of Kent:

Pagkakataon sa Pagboboluntaryo: _____

Tagapangasiwa ng Lungsod para sa Pagkakataon sa Pagboboluntaryo: Margaret Wagner, Mga Operasyon ng Parke

Ang boluntaryo ay sumasang-ayon sa mga sumusunod:

Nauunawaan ko na ako ay kusang-loob na nag-aalok ng aking serbisyo sa lungsod ng Kent nang walang bayad, at ako ay sumasang-ayon na gagampanan lamang ang mga serbisyong itinatalaga sa akin ng lungsod. Nauunawaan ko na ang aking pakikilahok sa mga programa, operasyon, at/o mga gawaing pagmamantini ng lungsod ng Kent ay isang boluntaryong aktibidad, at malaya kong ibinibigay ang aking oras at lakas. Dagdag pa rito, nauunawaan kong may mga panganib na kaakibat ng mga gawaing boluntaryo na maaaring magdulot ng pinsala, pagkasira, pagkakalantad, o iba pang panganib, kabilang na ang may kaugnayan sa pakikisalamuha sa mga taong hindi kabilang sa aking sambahayan sa kasalukuyang pandemya ng COVID-19. Samakatuwid, ako ay sumasang-ayon na isagawa ang mga itinalagang gawain sa isang responsableng paraan, mag-ingat para maiwasan ang pinsala, at sundin ang mga alituntunin na ibinibigay ng Lungsod at ng mga pambansa at lokal na awtoridad sa kalusugan upang maprotektahan ang aking sarili at ang iba laban sa pagkakalantad sa COVID-19, kabilang na ang pagsunod sa social distancing at pagsusuot ng mga personal na kagamitang pangkaligtasan, gaya ng face mask. Sa pamamagitan ng pagpirma sa kasunduan at pagpapalayang ito, aking tinatanggap ang panganib ng mga gawaing ito at ng anumang pinsala, pagkasira, pagkakalantad, o iba pang panganib, nakasaad man o hindi dito, na maaari kong maranasan habang ako ay nakikilahok.

Sumasang-ayon akong bayaran, panatilihing walang pananagutan, at palayain ang lungsod ng Kent, kasama ang mga empleyado, ahente, kinatawan, at mga boluntaryo nito mula sa anumang demanda, pinsala, paghahabol, hatol, pagkalugi, pananagutan, o gastusin na maaaring lumitaw kaugnay ng gawaing boluntaryong ito. Dagdag pa rito, sumasang-ayon ako na ang mga tuntunin ng kasunduan at pagpapalayang ito ay magsisilbing pagtanggap sa mga panganib at pagpapalaya sa pananagutan para sa aking mga tagapagmana, ari-arian, tagapagpatupad, administrador, mga itinalagang kinatawan, at para sa lahat ng miyembro ng aking pamilya. Ang lahat ng mga nabanggit na kondisyon ay mananatiling epektibo dulot man o hindi ito ng kapabayaan, aktibo man o pasibo, o anumang pagkilos o pagkukulang ng lungsod ng Kent o ng alinman sa mga nahalal o itinalagang opisyal, ahente, empleyado, o boluntaryo nito.

Dagdag pa rito, ibinibigay ko ang aking pahintulot na kuhanan ako ng mga larawan o video, nang walang kabayaran, habang ako ay lumalahok sa mga boluntaryong aktibidad ng lungsod. Ang lahat ng mga larawang nakuha ng lungsod ay pag-aari ng lungsod at maaaring gamitin sa anumang layunin ng lungsod, kabilang na ang pagpapakita sa mga promotional material, patalastas, o mga dokumentong nilikha o ginagamit ng lungsod. Malaya kong isinusuko ang aking karapatan sa mga larawang ito, na may buong kaalaman at pag-unawa na maaaring gamitin ng lungsod ang mga larawang kuha sa akin ayon sa kanilang buong pagpapasya.

Kusang-loob kong pinili na lumahok sa mga aktibidad na ito, at pinipirmahan ko ang aking pangalan sa ibaba bilang pahintulot na ako ay makalahok. Mayroon akong kalayaang hindi lagdaan ang kasunduang ito at, sa gayon, piliing hindi lumahok.

Sa pamamagitan ng pagpirma sa kasunduan at pagpapalayang ito, kinikilala kong aking nabasa, naunawaan, at sinasang-ayunan ang KASUNDUAN AT PAGPAPALAYA/PAGTATATUWA SA PANANAGUTAN at ako ay sumasang-ayon sa mga nilalaman nito.

PARA SA MGA KALAHOK NA MENOR DE EDAD: Kinakailangan ding pumirma ang magulang o legal na tagapangalaga para sa kalahok na wala pang 18 taong gulang.

Lagda ng Boluntaryo: _____ Petsa: _____

Pangalan: _____ Telepono: _____

Address: _____

*Lagda ng Magulang/Tagapangalaga: _____ Petsa: _____

Pangalan: _____ Telepono: _____

Address: _____

*Kung ang tagapangalaga ay makikilahok din sa boluntaryong aktibidad, kinakailangan niyang punan ang kaniyang sariling waiver bukod pa sa waiver para sa boluntaryong wala pang 18 taong gulang.